# Ang Kalaykay



**Mga Letra: a, b, d, e, g, i, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, u, y**

Isinulat ni Myla Z. Daiz
Iginuhit ni Jotham D. Balonzo
Sinuri nina Cristina B. Leaño, Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban



Naglilinis ng bakuran sina Nanay Rosa at Ben. Naalala ni Nanay Rosa ang pala at kalaykay. “Nakalimutan ko ang pala at kalaykay,” sabi niya.



Pinabalikan niya kay Ben ang pala at kalaykay. Nagtanong si Ben kung nasaan ang mga ito. "Nasa kubo ang mga iyon," sagot ni Nanay Rosa.



Pumunta si Ben sa kubo sa kanilang bakuran. Pagdating niya roon, sandali siyang napaisip. Marami siyang nakitang mga gamit kasama ang pala.



Nalito si Ben kung alin kaya ang kalaykay. May nakita siyang parang ngipin ang mga talim. May nakita rin naman siyang parisukat ang talim.



Bumalik si Ben na pala lang ang dala. Tinanong niya kung ano ang anyo ng kalaykay.
Agad naman itong sinagot ni Nanay Rosa.



Bumalik ulit si Ben sa kanilang kubo. Tiningnan niya kung nasaan ang kalaykay sa loob. Mabilis niya itong dinampot at binitbit palabas.



Agad na bumalik si Ben sa
kaniyang nanay.
"Eto na po ang kalaykay, Nanay!"
masiglang sagot ni Ben.



Iniabot ni Ben ang kalaykay kay Nanay Rosa.

“Maraming salamat anak,” masiglang sabi ng nanay niya.

“Salamat din po,” masayang sagot ni Ben.



Masaya si Nanay Rosa sapagkat matulungin si Ben. Niyakap siya ng kaniyang ina. Ipinagpatuloy nila ang paglilinis sa bakuran.